


# Kagalingan ni Kanan, Kagalakan ni Kaliwa



Kuwento ni
Rochien R. Titong

Guhit ni
Niño F. Dabalos





***Mga Kasanayan sa Pagkatuto***

*Nagpapahiram ng gamit at laruan* ***(KAKPS-Ig-17)****.*
*Tumutulong ng kusa sa panahon ng pangangailangan* ***(KAKPS-OO-20)****.*
*Nakikilala ang mga pangunahing emosyon* ***(SEKPSE-OO-11)****.*
*Tells which objects are the same based on color, shape, size, and other details* ***(LLKUPD-Id-1)****.*
*Identify rhyming words* ***(LLKPA-Ic-4)****.*
*Group and match objects that are alike****(MKSC-OO-5)****.*



Treasury of Storybooks

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Titong, Rochien R. *Kagalingan ni Kanan, Kagalakan ni Kaliwa*. DepEd-BLR, 2019.

**DEVELOPMENT TEAM**

Writer: Rochien R. Titong
Illustrator: Niño F. Dabalos

Learning Resource managers: Ernie E. Agsaulio
Analiza C. Almazan


Davao Occidental
Region XI


# Kagalingan ni Kanan, Kagalakan ni Kaliwa



May pares ng sapatos na sina Kaliwa at Kanan. Masayahin, matulungin, at maaasahan.


Sa lungkot at saya, sa hirap at ginhawa ay lagi silang magkasama.






Sa araw ng kanilang pahinga, nagpasya silang maglibang. Kaya dali-dali silang tumakbo sa kalye patungo sa palaruan.


Naghahabulan,nagtatawanan, at nagkakantahan.




Ngunit, sa dulo ng bangketa, nakita nila na may malungkot at umiiyak na paa.



Kaya, lumapit sila upang alamin ang dahilan ng kaniyang kalungkutan.






Ayon kay Paa, umaapoy sa init ang lansangan. Dahil sa wala siyang suot na sapatos kaya siya ay nasaktan.



Sa paglalakad, siya ay nahihirapan dahil nasusunog ang kanyang talampakan.



Nang kanilang nalaman ay nalungkot si Kanan habang si Kaliwa naman ay awang-awa.

Kaya nagpasya silang ipahiram ang kanilang mga sarili kay Paa.

"Maraming Salamat!" Lumukso ito sa sobrang tuwa.



Isang araw, nagising si Kanan.
Wala na si Kaliwa!






Tinangay ng isang asong gala at hindi alam kung saan ito dinala.



Nag-alala si Kanan kay Kaliwa. “Kaliwa, nasaan ka?” Ramdam niya ang sobrang lungkot.


Lalo siyang nalungkot nang sinabi ni Paa, “Paano na ako Kanan, wala na si Kaliwa?”




Kaya tumungo si Kanan
sa lansangan at hinanap si
Kaliwa sa kung saan-saan.



Umiiyak siya sa sobrang pag-aalala. “Kaliwa, Kaliwa, magpakita ka!”



Nakakita si Kanan ng isang pulang kaliwang sapatos na may paruparo.





Sila ay magkasingkulay
subalit wala siyang paruparo,
kaya hindi sila magkapareho.




Nakakita si Kanan ng isang kaliwang sapatos na kahel.

Subalit, hindi niya kulay ang kahel kaya hindi sila magkatugma.



Nakakita si Kanan ng isang kaliwang sapatos na puti at bulaklakin.





Subalit, hindi siya puti at lalong hindi siya bulaklakin, kaya hindi niya iyon pwedeng angkinin.

Nakakita si Kanan ng isang magandang kaliwang sapatos na may borlas na laso. Kay ganda!






Subalit wala siyang laso

kahit na alam niyang

maganda silang pareho.

Nakakita si Kanan ng isang kaliwang sapatos na may gulong! “Wow! Napahanga siya sa dalawang gulong!






Subalit, wala siyang
kahit isang gulong.

Nakakalungkot! Nakakapagod!

Umuwi si Kanan na umiiyak


sa sobrang bigo.






Lalo na at nadaanan niya si Paa na umiiyak muli sa bangketa.


Pumikit si Kanan at nagdasal na sana ay makita na niya si Kaliwa.





Alas! Isang kaliwang sapatos na pula na may makinang na taling dilaw!

"Kaliwa! Kaliwa!" Napalukso siya sa tuwa! Niyakap niya nang mahigpit si Kaliwa.






“Kumusta ka Kaliwa? Bakit ka nawala?”

“Ayos lang ako Kanan,” yumakap din si Kaliwa.

“Teka nga pala Kanan,” sabi ni Kaliwa. “Paano mo natukoy na tayo ay magkatugma?”




"Nagbibiro ka ba, aking Kaliwa! Syempre, pareho tayong pula at kapwa may makinang na taling dilaw, di ba?"






Nagtatawanan silang dalawa. Naghawak kamay at sumisigaw,

"Basta kaibigan, walang iwanan!"



Kaya tumakbo silang muli sa lansangan. Naghahabulan at nagtutuksuhan patungo sa bangketa upang sunduin si Paa.





## Tungkol sa May-akda

Si **Rochien R. Titong** ay Teacher III sa Paaralang Elementarya ng John L. Wilson, Purok ng Malita North, Sangay ng Davao Occidental. Nakapagtapos siya ng Bachelor in Secondary Education at Master of Arts in Educational Administration sa SPAMAST State College.



## Tungkol sa Tagaguhit

Si **Niño F. Dabalos** ay Teacher I sa Paaralang Elementarya ng Aplaya, Purok ng Digos Oriental, Sangay ng Digos City. Nakapagtapos siya ng Bachelor in Elementary Education sa Cor Jesu College of Digos.

# Kagalingan ni Kanan,
# Kagalakan ni Kaliwa

Si Kaliwa at si Kanan ay isang pares ng sapatos na magkaibigan. Taglay nila ang kagalingan, mabuting asal at pagkamaalalahanin. Subalit, may kaganapang dumating na susukat sa kagalingan ni Kanan para sa kapakanan ni Kaliwa.

Alamin kung paano gagawin ni Kanan ang kagalingan sa pagtugma ng mga bagay-bagay upang matukoy si Kaliwa.

